ISSN 0117-4428

# UGNAYAN

Tatlong Buwanang Lathalain ng Extension Services, Cavite State University, Indang, Cavite

TOMO XVII BILANG 2 ABRIL - HUNYO 2019

## CvSU, dumalo sa ika-8 anibersaryo ng PCAARRD

Sa pagsasabuhay ng temang *"Addressing Regional Needs through Sustained Partnership",* dumalo ang CvSU sa ika-8 anibersaryo ng Department of Science and Technology - Philippine Council for Agriculture, Aquatic, and Natural Resources Research and Development (DOST-PCAARRD) noong Hunyo 19 sa Philippine International Convention Center (PICC) sa Pasay City.



*Si Dr. Marilyn Escobar kasama ang mga direktor ng ibang mga consortium*

Kabilang sa mga kinatawan ng Unibersidad sa nasabing pagdiriwang sina Dr. Ruel M. Mojica, bise presidente ng Research and Extension; Dr. Marilyn M. Escobar, *consortium director* ng Southern Tagalog Agriculture, Aquatic and Resources Research, Development and Extension Consortium (STAARRDEC); mga rehiyonal na koordineytor na sina *Sundan sa p. 2*

## CAS-Bee, nagsagawa ng ika-5 pagsasanay

Muling nagsagawa ang College of Arts and Sciences (CAS) ng tatlong araw na pagsasanay tungkol sa pag-aalaga ng mga bubuyog (*beekeeping*) sa ilalim ng programang pang-ekstensyon na *Community Adoption and Strengthening of the CvSU Bee Program* (CAS Bee). Ito ay bahagi ng adyenda ng kolehiyo na may titulong "*BEEyond the Hive: Introduction to Beekeeping"*. Isinagawa ang mga nasabing pagsasanay sa Brgy. Calumpang Lejos, Indang, Cavite noong Mayo 9, 15, at 16. Pinangunahan ni Prof. Michele T. Bono, lider ng proyektong CvSU *Bee Program,* ang naturang serye ng *seminar*, kasama sina Prof. Dickson N. Dimero, *Sundan sa p. 2*


*Mga guro ng CAS kasama ang mga nagsanay ng beekeeping*

### Mga Nilalaman

*Mga EC ng CvSU, muling nagpulong* . . . . . . . . . . . . . . . . . . 2
*Pagrebisa sa pamantayan ng ebalwasyon ng ESP, ikinasa* . . . . 3
*3rd Farmers' Forum sa Magallanes, idinaos* . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 3
*CvSU, handang tumulong sa mga magsasaka ng Minantok* . . . . 4
*Novicio, tagasuri sa rebyung pang-ekstensyon ng URS* . . . . . . . . 4
*Pagsusuri ng lupain, isinagawa ng NCRDEC* . . . . . . . . . . . . . . . . . 4
*CvSU-CCC, nagsagawa ng mga pagsasanay sa Brgy. Talong* . . . . 5
*Pulong kasama ng FM at MS, ginanap* . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 5
*OVPRE, idinaos ang Lakbay-Aral* . . 6
*Mga batang Salinas, nagtapos sa Mayor's Ricaf* . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 6
*28 pagsasanay, isinagawa ng ES* . . . 7

## MGA BALITA

# Mga EC ng CvSU, muling nagpulong



*Si Dr. Lilibeth Novicio (itaas) at Gng. Lorna Matel (ibaba) habang naglalahad ng mga gawain ng ES*

Bilang bahagi ng regular na aktibidad tuwing huling buwan ng bawat kwarter, muling nagpulong ang *extension coordinators* (EC) sa STAARRDEC *Conference Room* ng Unibersidad noong Hunyo 11. Pangunahing layunin nito na maihayag ang kasalukuyang estado ng mga nilayong matapos na mga gawain para sa buong taon.

Kaugnay nito, isa-isang inilahad ng mga EC ang mga aktibidad na isinagawa sa kani-kanilang mga kolehiyo, kampus at yunit. Pinag-usapan din sa pagpupulong ang estado ng mga panukalang programang pang-ekstensyon ng bawat kolehiyo at kampus, mga dokumentong kailangang ipasa bilang suporta sa mga kahingian sa Unibersidad, at pagpapasa ng mga artikulo at iba pang mga balita na may kaugnayan sa ekstensyon upang ilathala sa UGNAYAN. *(BSAmparo)*

## CvSU, dumalo ...

*mula sa p. 1*

Gng. Lorna C. Matel sa pagpapasa ng teknolohiya, Dr. Mariedel L. Autriz sa pananaliksik, at Prof. Poinsettia A. Vida sa pamamahala ng impormasyon; Dr. Teddy F. Tepora, tagapamahala ng Innovation and Technology Support Office (ITSO); at Gng. Emeline C. Guevarra, kawani ng ITSO.

Dinaluhan din ang nasabing pagdiriwang ng iba't ibang pang-estadong kolehiyo at unibersidad, mga *consortium* sa buong Pilipinas, at mga ahensya ng agrikultura.

Ang DOST-PCAARRD ay ilang dekada nang katuwang ng CvSU sa mga proyekto at pananaliksik tungo sa paglinang ng mga teknolohiyang makatutulong sa komunidad. *(LCMatel)*

## CAS-Bee ...

*mula sa p. 1*

koordineytor ng proyekto, at mga miyembrong sina Bb. Sherine M. Cruzate at Gng. Jamaica Q. Espineli. Kaagapay ng grupo ang dekana na si Dr. Bettina Joyce P. Ilagan at mga guro ng kolehiyo .

Sa unang araw ng pagsasanay, malugod na tinanggap ni G. Constacio Telmo, punong barangay, ang 20 kasali mula sa Calumpang Lejos, Daine, Alfonso, at Magallanes, at ipinaliwanag sa kanila ang ugnayan ng barangay at CvSU. Matapos ipakilala ang CvSU *Bee Program* at *Bee Biology*, nagbigay ng kaalaman si Prof. Bono tungkol sa mga karaniwang peste, sakit, at suliranin sa pagbububuyog, gayundin ang mga produktong maaaring magmula rito. Samantala, tinalakay naman ni Prof. Dimero ang tungkol sa pamamahala sa mga bubuyog, kasama na ang pag-aalaga ng lukot o kiwot *(stingless bees)*. Nagkaroon din ng pagkakataon ang mga kalahok na magtanong sa bahagi ng malayang talakayan.

Bahagi rin ng pagsasanay ang mga



*Aktwal na aktibidad ng pagsasanay*

aktwal na aktibidad tulad ng paglilipat at paghahati ng koloni ng bubuyog, *bao-technology* na gumagamit ng bao sa pamamahala ng mga ito. Isinagawa ang mga aktibidad sa bukid ni G. Chito Herrera, barangay kagawad. (*MTBono*)

# BALITANG LATHALAIN

## Pagrebisa sa pamantayan ng ebalwasyon ng ESP, ikinasa

Dumalo si Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng Extension Services ng CvSU at *vice-chair* ng Private Extension Service Provider (PESP), sa ginawang pagpupulong ng ESP Accreditation Advisory Council at Regional Extension Service Provider (RESP) ng Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI) Rehiyon IV-A noong Hunyo 27 sa Teofely's Nature Farms, Inc., Silang, Cavite.

Tinalakay sa nasabing pulong ang pagrebisa ng mga pamantayan ng ebalwasyon ng ESP kasama na ang muling pagrebyu sa mga panloob na polisiya nito na ang huling bersyon ay inilabas noong Marso 2018. Isinabay rin sa pagpupulong ang pagsusuri ng Uma Verde Econature Farm sa Candelaria, Quezon.




*Dr. Novicio kasama ang mga miyembro ng ESP sa ginanap na pulong*

Dumalo rin sa pulong sina Bb. Lilian M. Telmo ng Office of the Provincial Agriculturist (OPA) Cavite, Gng. Eugenia Buctuanon ng Bureau of Plant Industry - Los Baños National Crop Research, Development, and Production Support Center (BPI-LBNCRDC) Los Baños, Laguna, Gng. Piedad Quizon ng OPA Batangas, G. Evener C. Arguelles ng OPA- Quezon, G. Raffy Aromin ng Longwood Agri Farm, Indang, Cavite, at G. Ric Jason Arreza ng DA-ATI. *(KBArandia)*

## 3rd *Farmers' Forum* sa Magallanes, idinaos

Idinaos ang 3rd *Farmers' Forum* 2019 sa Magallanes, Cavite noong Mayo 23 na may temang "Magsasakang Magalleño, nagkakaisa tungo sa progresibong pagnenegosyo". Ang aktibidad ay isinagawa sa pangunguna ni Kgg. Jasmin Maligaya-Bautista, alkalde ng bayan.

Samantala, nagsilbing tagapagsalita si Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng Extension Services, sa isinagawang forum. Layunin ng nasabing gawain na mai-ugnay ang bawat asosasyon ng mga magsasaka sa lahat ng ahensya na maaaring makatulong sa kanilang pagiging negosyanteng magsasaka. Naging tagapagsalita rin sina Gng. Eda F. Dimapilis ng Department of Agriculture – Agricultural Program Coordinating Office (DA-APCO); Gng. Mariel Celeste C. Dayanghirang, *assistant center director* ng Department of Agriculture – Agricultural Training Institute (DA-ATI); Engr. Anna Pamela Nova, *provincial corn coordinator*; Gng. Lorie Frias ng Negosyo Center ng Magallanes; Gng. Marjo Pasion-Mojica ng PROVET; at mga kinatawan mula sa Department of Agriculture – Agribusiness and Marketing Assistance Service Division (DA-AMAD), Land Bank of the Philippines (LBP), Philippine Coconut Authority (PCA), at Eastwest Seeds Company.




*Kuha habang nakikinig sa pagtalakay ng mga programang pang-ekstensyon ng CvSU*

Tinatayang 100 miyembro ng mga grupo ng magsasaka mula sa 16 na barangay ng Magallanes ang dumalo. *(KBArandia)*

# MGA BALITA

## Novicio, tagasuri sa rebyung pang-ekstensyon ng URS



Si Dr. Novicio ( pangalawa mula sa kaliwa) kasama ang mga tagasuri at opisyal ng URS matapos ang rebyu

Nagsilbing tagasuri si Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor ng Extension Services ng CvSU, sa unang rebyung pang-ekstensyon ng University of Rizal System (URS) sa Morong, Rizal noong Mayo 10. Kasama ni Dr. Novicio sina G. Archieval M. Jain ng Laguna State Polytechnic University (LSPU) at Dr. Benedict O. Medina ng Batangas State University (BatSU) na nagsilbi ring mga tagasuri sa nasabing gawain.

Labing-dalawang natapos na proyektong pang-ekstensyon at apat na bagong mungkahing proyekto ang inilahad at sinuri. Pinangunahan ni Dr. Emma Linga, direktor ng Extension Services, kasama si Dr. Namerod F. Mateo, bise-presidente ng Research, Development, Extension and Production ng URS, ang pagbibigay ng sertipiko sa mga tagasuri. *(KBArandia)*

## CvSU, handang tumulong sa mga magsasaka ng Minantok

Nakahandang tumulong ang CvSU sa Minantok East *Coffee Farmers Association* kaugnay ng pagtuturo ng pagpoproseso ng kape. Ang nasabing pangangailangan ay bunga ng naganap na teknikal na konsultasyon noong Mayo 2 sa Amadeo kasama ang nasabing grupo na pinangungunahan ni G. Rolando Angcao at ni Gng. Lorna C. Matel, *focal person* ng Techno Gabay ng Cavite.

Sa kanilang pag-uusap, napag-alaman na ang grupo ay may mga kagamitan para sa pagpoproseso ng kape subalit nakalagay ang mga ito sa iba't ibang lugar. Kinakailangan ng grupo ng isang lugar na paglalagyan ng mga naturang kagamitan, isang proyektong maaaring idulog sa Department of Agriculture - Agricultural Training Institute (DA-ATI) Rehiyon IV-A. Samantala, ang mga pagsasanay naman ay maaaring pangunahan ng mga eksperto sa kape ng CvSU, partikular na ng National Coffee Research, Development and Extension Center (NCRDEC). Ang nasabing ugnayan ay inaasahang makatutulong upang higit na mapaunlad ang industriya ng kape sa bansa. *(LCMatel)*



*Si G. Angcao habang inilalahad ang mga pangangailangan ng kanilang asosasyon*

## Pagsusuri ng lupain, isinagawa ng NCRDEC

Bilang isang kilalang institusyon na naglalayong paunlarin ang industriya ng kapihan sa Pilipinas, kinomisyon ang National Coffee Research, Development and Extension Center (NCRDEC) upang magsagawa ng pagsusuri sa lupain ng mag-asawang Delfino sa Bay, Laguna noong Abril 16. Layunin ng nasabing pagsusuri na malaman kung ang lupain ay angkop sa pagtatanim ng kape at kung anong uri ng kape ang maaari nilang itanim. Kumuha ang grupo ng sampol mula sa naturang lupain upang ipasuri ang kalidad nito. Tinukoy rin ang pisikal na kalagayan ng lupain gamit ang mga pamantayan na nakapaloob sa pormularyo ng pagsusuri na nilikha ng institusyon. Gagamitin ang mga datos na nakalap upang bumuo ng ilang mga rekomendasyon tungo sa ikauunlad ng naturang bukirin.



*Si Bb. Mojica habang kumukuha ng sampol ng lupa*

Pinangunahan ni Bb. Antonette Jean L. Magcamit, puno para sa mga gawaing pang-ekstensyon, ang nasabing grupo ng mga tagasuri kasama sina Bb. Julita M. Mojica, G. Maowel A. Villanueva at Engr. Al Eugene L. Torres. *(AELTorres)*

# MGA BALITA

## CvSU-CCC, nagsagawa ng mga pagsasanay sa Brgy. Talong

Apat na araw na pagsasanay ang isinagawa ng Cavite State University – Cavite City Campus (CvSU-CCC) sa komunidad ng Brgy. 61-A Talong, Cavite City noong Hunyo 26-29.

Sa pagbubukas ng programa, nagpasalamat si Kapitan Renan Montoya sa pagpili ng CvSU sa kanilang barangay bilang benepisyaryo ng mga gawaing pang-ekstensyon. Samantala, nag-ulat si Konsehal James Nuguid tungkol sa kahalagahan ng pagkakaisa at kooperasyon para sa katatagan ng ekonomiya habang hinikayat naman ni Fr. Dominador Medina ang mga kalahok upang magtulungan, maglingkod sa tao at sa huli ay maglingkod sa Diyos.

Pinangunahan ni G. Jeremias Jangad ang talakayan tungkol sa pagiging epektibong magulang na nakatuon sa ilang mga mahahalagang gawi gaya ng pakikipag-usap sa mga bata sa paraang makatutulong sa kanila.

Inilaan naman ang ikalawang araw para sa *Computer System Application* na sinimulan ni Bb. Alma De Fiesta at para sa *Netiquette 101* na tinalakay ni G. Louigi Arayata. Dinaluhan ang nasabing worksyap ng mga opisyal ng barangay kabilang na ang mga kagawad ng Sangguniang Kabataan.

Samantala, ang ikatlong araw ay nakatuon sa mga sumusunod na kaalaman: Pagkatutong Pampinansyal na inihatid ni G. Marc Alfred San Pedro; *Household Economics* ni G. Frinze Al Bernal; Konsepto ng Pagbabadget ng Pamilya ni Bb. Annabee Pedregosa; Konsepto ng Negosyo ni Gng. Maria Ciella S. Buena; Kaalamang Pangkasarian sa pangununa ni G. King David J. Agreda; at Pagtutol sa Karahasan laban sa mga Kababaihan at mga Bata na hatid ni G. Victoriano Rodil.

Naging masaya naman ang huling araw para sa 40 batang edad tatlo hanggang pitong taon dahil sa pagtuturo ng *Basic Sight Words* at *Basic Polite Greeting* gamit ang isang *electronic pen learning kit.* Pinangunahan ni Gng. Maria Cristina J. Baesa, tagapamahala ng CvSU-CCC, ang nasabing pagsasanay.

Kasabay sa pagtuturo sa mga bata, isang serye naman ng mga worksyap ang isinagawa ng yunit ng Hotel and Restaurant Management na kinabibilangan ng mga sumusunod na paksa: *Food Safety, Hygiene and Sanitation* ni G. Seuz Rey R. Cantela; at *Food Flow* at HACCP *workshop* ni Bb. Emeriza S. Caparaz. Lahat ng aktibidad ay isinagawa sa bulwagan ng barangay. *(ESCaparaz)*

## Pulong kasama ng FM at MS, ginanap

Ginanap ang pagpupulong ng Extension Services (ES) kasama ang Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center *managers* at Magsasaka Syentista (MS) ng buong Cavite sa STAARRDEC Conference Room noong Hunyo 11.


Pinangungunahan ni Gng. Lorna C. Matel, *focal person* ng Techno Gabay sa Cavite at koordineytor ng *Regional Technology Transfer* ng STAARRDEC ang nasabing pagpupulong na isinasagawa bawat kwarter.

Pinag-usapan sa pulong ang mga sumusunod: 1) nominadong MS para sa FITS *Center* ng Bacoor, Imus at Tanza; 2) mga pagsasanay na isinagawa noong Enero hanggang Marso 2019 at para sa mga susunod na buwan; 3) mga ulat tulad ng *annual report* at *monitoring report* ng 2018; at 4) plano ng mga gawain sa 2019.

Inimbitahan sa nasabing pulong si Dr. Marilyn Escobar, *consortium director* ng STAARRDEC, na naglahad ng mga gawain ng *consortium* tulad ng pagsasalin ng teknolohiya. Katuwang ang mga FITS *Center* sa pagsasagawa ng mga pagsasanay sa pangunguna ng ES na pinamumunuan ni Dr. Lilibeth P. Novicio, direktor, at Gng. Bernadette S. Amparo, pinuno ng Training Division. Sa unang tatlong buwan ng 2019, 16 na teknolohiya ang naibahagi sa 563 na kliyente. *(LCMatel)*



*Si Dr. Escobar habang ibinabahagi ang mga gawain ng STAARRDEC*



*Sina Dr. Novicio at Gng. Matel kasama ang FITS managers at Magsasaka Syentista sa Cavite*

# MGA BALITA

## OVPRE, idinaos ang Lakbay-aral

Idinaos ang taunang lakbay-aral ng mga opisyal at tauhan ng Office of the Vice President for Research and Extension (OVPRE) noong Mayo 30 hanggang 31 sa Batangas. Kasama sa aktibidad ang pagbisita sa isang unibersidad sa rehiyon upang madagdagan ang kaalaman sa iba't ibang gawaing pampananaliksik at pang-ekstensyon at upang mapabuti ang serbisyong maibibigay sa mga kliyente. Bahagi rin ng nasabing aktibidad ang *teambuilding* na naglalayong mas mapaigting ang pagtutulungan at samahan ng mga empleyado ng buong yunit.

Bumisita ang grupo sa De La Salle Lipa (DLSL), Lipa City, Batangas kung saan nagkaroon ng presentasyon tungkol sa paaralan at palitan ng kani-kanilang mga programa gaya ng pagbibigay ng insentibo sa mga nakakapaglathala ng mga pananaliksik. Ibinahagi rin ng mga taga-DLSL kung paanong hindi lamang mga kaguruan ang nagsasagawa ng pananaliksik kundi maging ang mga kawani ng Unibersidad. Ipinakita rin nila ang iba't ibang pasilidad gaya ng *Nexus Innovation Lab* na nagbibigay ng higit na suporta sa mga mananaliksik sa pamamagitan ng mga makabagong kagamitan at iba't ibang teknolohiya.

Samantala, naging makabuluhan naman ang naganap na pagpupulong ng grupo sa Blue Coral Beach Resort, San Juan, Batangas. Bukod sa mga direktor, hinilingan ding magbigay ng mga ideya, obserbasyon at mga opinyon ang ilang mga kinatawan gaya nina Gng. Melinda B. Eugenio ng Knowledge Management Center, Dr. Isais A. Banaag, *faculty researcher*, Engr. Al Eugene L. Torres, kawani ng NCRDEC at G. Alfredo Edquid mula sa Extension Services. Pinaalalahanan naman ni Dr. Ruel Mojica ang lahat na bagamat mahalaga ang kasipagan, hindi dapat kalimutan ng bawat isa ang kani-kanilang kalusugan. Natapos ang lakbay-aral sa isang masayang *teambuilding* na nagpaigting sa kahalagahan ng kooperasyon at pagkakaisa ng mga kawani. *(MBEugenio)*




*Si Dr. Ruel Mojica habang nakikipagpalitan ng mga ideya sa mga opisyal ng DLSL (kaliwa), mga opisyal at tauhan ng OVPRE sa Blue Coral Beach Resort (gitna), at mga tauhan ng OVPRE sa isinagawang teambuilding (kanan)*

## Mga batang Salinas, nagtapos sa Mayor's Ricaf

Matagumpay na nagtapos noong Mayo 25 ang mga bata (*tutees*) na tinuturuan ng *student-teachers* ng DTE-CvSU-CCAT *extensionists*. Ang seremonya ng naturang proyekto na pinamagatang Mayor's Ricaf: "Batang Salinas, Angat sa Lahat", isang proyektong naglalayon na magturo sa mga Batang Salinas upang matulungang mapadali ang pag-aaral ng asignatura sa matematika at siyensya, ay ginanap sa Casa Hacienda, Tejeros Convention, Rosario, Cavite. Sinimulan ng DTE-CvSU-CCAT ang nasabing proyekto katulong ang lokal na pamahalaan ng Rosario, Cavite sa pamumuno ni Mayor Voltaire Ricafrente.

Magiliw na sinalubong ni Prof. Pedro Arnel Laparan, *Unit Project Coordinator* ng LGU, ang mga estudyanteng guro ng Department of Teacher Education ng CvSU CCAT, at ang *tutees* ng Mayor's Ricaf. Ang aktibidad ay nagsimula sa isang taimtim na panalangin na pinangunahan ni Bb. Kristine Jae dela Cruz. Ang pambungad na pananalita ay ibinahagi ni Bb. Janice Dulce Marquez habang ang ibang miyembro ng grupo ang gumanap sa iba-ibang tungkulin: si Bb. Christine Biangco at Twinkle Faith Gajigan bilang mga guro ng palatuntunan; si Gng. Mari Daisy Onate-Corral ang nagbigay ng pampasiglang mensahe; si Gng. Ligaya Talactac ang naghatid ng balita tungkol sa mga gawaing pangkomunidad ng DTE-CvSU CCAT; habang ang panghuling pananalita naman ay mula kay Gng. Deanna Parcon. Bukod dito, ilan sa mga estudyanteng guro at mga mag-aaral ang nagbahagi ng kanilang mga nakakatuwa at mahalagang karanasan sa naturang gawain. Tumulong din sina Gng. Emily Reyes, Gng. Donnalyn Encarnacion at G. Ryan John Biares upang mairaos nang maayos ang nasabing ganap.

Natuwa ang mga magulang sa kanilang natunghayan lalo na nang matanggap ng kanilang mga anak ang sertipiko ng kanilang pagtatapos.

Sa tulong ni Gng. Bhrendelyn B. Navales, OIC-DTE, at G. Ronald dela Cruz, *extension coordinator*, naging makabuluhan ang gawain. *(MDOCorral)*

MGA BALITA

# 28 pagsasanay, isinagawa ng ES

Sa patuloy na pakikipag-ugnayan ng Cavite State University – Extension Services (CvSU-ES) sa iba't ibang tanggapan ng unibersidad at sa 14 na Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center sa Cavite, 28 pagsasanay at *seminar* ang pinagtulungang maisakatuparan mula Abril hanggang Hunyo. Ilan sa mga pagsasanay na ito ay karaniwang isinasagawa ng ES para sa mga interesadong indibidwal mula sa iba't ibang sektor at lugar sa Cavite. May 1,019 na katao mula sa ilang mga organisasyon ang nakinabang sa mga pagsasanay na makikita sa talahanayan:

| Petsa | Titulo ng Pagsasanay | Lugar ng Pagsasanay | Tagapagsanay | Unit In-Charge |
|---|---|---|---|---|
| Mar. 31 | Pagsasanay sa Produksyon ng Kabute *(mushroom)* | The District, Imus City | G. Geronimo Labao | CvSU-ES at FITS Imus |
| Abr. 4 | Pagsasanay sa Pagpoproseso ng Saging | Pantihan 4, Maragondon | Gng. Elvira B. Perlado | CvSU-ES at FITS Maragondon |
| Abr. 12 | *Orientation-Seminar on CvSU Traffic Policies and Guidelines for Tricycle Drivers and Operators of* Indang | S.M. Rolle Hall, CvSU, Indang, Cavite | Atty. Normida M. Hernandez<br>G. Romulo Gomez | External and Business Affairs (EBA) at CvSU-ES |
| Abr. 24 | *Package of Technology* ng Papaya | Mendez | Dr. Arnulfo C. Pascual | CvSU-ES at FITS Mendez |
| Abr. 25 | Pagsasanay sa Pagpoproseso ng Kamatis | CvSU Processing Center | Gng. Elvira B. Perlado | CvSU-ES |
| Abr. 25 | Pagsasanay sa *Organic Urban Farming* | Bacoor City | G. Domingo Austria | CvSU-ES at FITS Bacoor |
| Abr. 30 | Pagsasanay sa Produksyon ng *Wood Vinegar* | Alfonso | G. Joselito Noceda | CvSU-ES at FITS Alfonso |
| Abr. 30 | Pagsasanay sa Produksyon ng *Vermicompost* | NCRDEC, CVSU, Indang | G. Rodrigo Diloy | CvSU-ES at NCRDEC |
| Mayo 7 | Pagsasanay sa Paggawa ng *Fruit Juice* at *Concentrate* (Guyabano, Calamansi, Dalandan, *Ginger with* Calamansi *and Lemon*, at *Ginger and Turmeric Juice*) | CvSU *Processing Center* | Gng. Elvira B. Perlado | CvSU-ES |
| Mayo 9 | Pagsasanay sa *Plant Propagation* | CvSU, Indang | G. Rodrigo Diloy | CvSU-ES |
| Mayo 15 | Pagsasanay tungkol sa mga Peste at Sakit ng Kakaw | OPA Cavite | Gng. Cecille Marie C. Manzanilla (Chief, Regional Crop Protection Center) | CvSU-ES at FITS OPA Cavite |
| Mayo 15 | Pagsasanay sa Produksyon ng Kabute *(mushroom)* | Indang, Cavite | G. Gerry Labao | CvSU-ES at FITS Indang |
| Mayo 21 | Pagsasanay sa *Farm Mechanization* | Mendez | G. Jayvee Mojica<br>G. Maowel Villanueva | CvSU-ES at FITS Mendez |
| Mayo 21 | Pagsasanay sa Produksyon ng Kabute *(mushroom)* | OPA Cavite | G. Geronimo Labao | CvSU-ES at FITS OPA Cavite |
| Mayo 22-23 | Pagsasanay sa *Water Search and Rescue Operations* | Camp Riego de Dios, ARESCOM, Tanza | Mga opisyal ng ARESCOM | CvSU-ES at FITS Bacoor |
| Mayo 22 | Pagsasanay sa Pagpoproseso ng Kakaw | FITS Mendez | G. Marvin Vicedo | CvSU-ES at FITS Mendez |
| Mayo 23 | Pagsasanay sa Pagpoproseso at Pag-*label* ng Kamoteng Kahoy | FITS Maragondon | Gng. Elvira B. Perlado | CvSU-ES at FITS Maragondon |
| Mayo 28 | Pagsasanay sa Pagpoproseso ng Saging | CvSU *Processing Center* | Gng. Elvira B. Perlado | CvSU-ES |
| Mayo 28 | Pagsasanay sa Pagpoproseso ng Kape | FITS Mendez | G. Maowel Villanueva<br>G. Ronald Peña | CvSU-ES at FITS Mendez |
| Hun. 4 | Pagsasanay sa Produksyon ng Kabute *(mushroom)* | Tanza, Cavite | G. Gerry Labao | CvSU-ES at FITS Tanza |
| Hun. 5 | Pagsasanay sa Pagpoproseso ng Karne (tocino, *skinless* longanisa, hamon, siomai, embotido, *hamburger patty*, lumpiang shanghai at *meatballs*) | CvSU | Gng. Elvira B. Perlado | CvSU-ES |

*Sundan sa p. 8*

# MGA BALITA

## 28 pagsasanay, isinagawa ...

*mula sa p. 7*

| Petsa | Titulo ng Pagsasanay | Lugar ng Pagsasanay | Tagapagsanay | Unit In-Charge |
|---|---|---|---|---|
| Hun. 13 | *Capability Enhancement Training-Workshop in Extension (Batch 1)* | CvSU | Dr. Marietta Mojica<br>Gng. Nelia Feranil<br>Bb. Bessielyn Videña<br>Gng. Lady Aileen Orsal<br>Bb. Raecel Estebat | CvSU-ES |
| Hun. 18 | *Capability Enhancement Training-Workshop in Extension (Batch 2)* | CvSU | Dr. Marietta Mojica<br>Gng. Nelia Feranil<br>Bb. Bessielyn Videña<br>Gng. Lady Aileen Orsal<br>Bb. Raecel Estebat | CvSU-ES |
| Hun. 19-20 | *Leadership Training para sa mga Magsasaka at Mangingisda* | Naic | Dr. Gilchor Cubillo | CvSU-ES at FITS Naic |
| Hun. 20 | *Capability Enhancement Training-Workshop in Extension (Batch 3)* | CvSU | Dr. Marietta Mojica<br>Gng. Nelia Feranil<br>Bb. Bessielyn Videña<br>Gng. Lady Aileen Orsal<br>Bb. Raecel Estebat | CvSU-ES |
| Hun. 25 | *Capability Enhancement Training-Workshop in Extension (Batch 4)* | CvSU | Dr. Marietta Mojica<br>Gng. Nelia Feranil<br>Bb. Raecel Estebat | CvSU-ES |
| Hun. 25 | Pagsasanay sa Pagpoproseso ng Isda | CvSU Naic | Gng. Flora Viaje<br>Gng. Elsa B. Omipon | CvSU-ES at CvSU Naic |
| Hun. 26 | Pagsasanay sa *Plant Propagation* | OPA Cavite | G. Rodrigo Diloy | CvSU-ES at FITS OPA Cavite |
| Hun. 27 | Pagsasanay sa Produksyon at Pagpoproseso ng *Herbs* at *Spices* | Tanza, Cavite | Bb. Michelle Razo<br>G. Eduardo Cleofe | CvSU-ES at FITS Tanza |

Ang mga nabanggit na pagsasanay ay naka-ugnay sa mga kolehiyo, kampus at ibang ahensya dahil sa kanila nagmumula ang mga tagapagsanay na nagbabahagi ng kaalaman at ispesyalisasyon. *(BSAmparo)*



*Ilang mga pagsasanay na isinagawa ng ES*

UGNAYAN

**Tagapamahalang Patnugot**
Lady Aileen A. Orsal

**Katulong na Patnugot**
Melinda B. Eugenio

**Mga Kontribyutor**
Lorna C. Matel
Khay B. Arandia
Michele T. Bono
Melinda B. Eugenio
Al Eugene L. Torres
Bernadette S. Amparo
Emeriza S. Caparaz
Mari Daisy Onate-Corral

**Mga Editoryal Konsultant**
Dr. Ma. Fatima I. Cruzada
Dr. Ruel M. Mojica
Dr. Hernando D. Robles

Opisinang Pang- editoryal
***Knowledge Management Center***
*5th Flr. Ladislao Diwa Library and Museum Bldg.*
Cavite State University
Indang, Cavite
Telepono ☏ (046) 4150212